1988

# ORDINANCE No. 06

NA NAGAAMENDA NG KAPASYAHAN BLG.133 NG KAUTUSAN BILANG 02 TAON 1981 AT NG NAG TATAKDA NG MGA PRESYO NG MGA ISDA AT IBA PA SA PAMILIHANG BAYAN O DITO SA BAYAN NG BULALACAO, ORIENTAL MINDORO

SAPAGKATT, napag-alaman ngTanggapan ng Sangguniang Bayan na ang pressyo ng isda at iba pa ay lubhang napakataas sa bayan na ito at nagrereklamo ang mga mamamayan.

SAPAGKAT, dahil dito, ang Sangguniang Bayan ay nagkaisag itakda ang mga presyo ng isda pa sa Pamilihang Bayan sa wastong halaga na hindi mahihirapan ang mga mamamayan,

SEKSYON I. Ang lahat ng fish dealer o mag-iisda sa pamilihang bayan ay dapat sundin ang taripa ng presyo ng lahat ng isda na itinakda ng Sangguniang bayan ng Bulalacao, gaya ng mga sumusunod;

Ang sinumang maglabag sa kautusang ito ay nagmumulta ng dalawang daan ₱ 200.00 hanggang limang daang Peso ₱ 500.00 at mamimilanggo ng Isang Buwan hanggang anim na buwan o alin man sa pasiya ng hukuman.

SEKSYON 2. Ang lahat ng dealer ng isda at iba pa na magluluwas ng isda ay kailangang magbinta o mag-iwan ng sampung kilong isda sa pamilihang bayan upang laging may isda sa palengke;

SEKSYON 3. Ang sino mang maglabag sa presyo o taripang isda na itinakda sa seksyon 1 ng kautusang ito ay magmumulta ng ₱ 200.00 hanggang ₱ 500.00 at mamimilanggo ng isang buwan o anim na buwan o alin sa pasiya ng Hukuman;

SEKSYON 4. Kautusan o mga kautusan na salungat sa kautusang ito ay pinanawawaln na ng bisa;

SEKSYON 5. Ang kautusang ito ay magkakaroon ng bisa sampung araw pinagtibay ng lahat.

PINAGTIBAY NG LAHAT

Pinagtibay ko ang kawastohan ng kapasyahang ito

EDUARDO A. BURAUNGA
Kalihim ng Bayan

e.p.o. 9/27/91



Scanned with CamScanner